

1

Nakangiting pinagmamasdan ni Andrea ang nagsasayaw na bagong kasal sa gitna ng malawak na hardin. Noon ay nasa Tagaytay sila, sa rest house ng pamilya ni Keith—ang bagong bayaw niya. Kasalukuyang nasa reception na sila ng katatapos lamang na kasal kanina.

Kinikilig siya habang nakatingin sa dalawang magkayakap na nagsasayaw na sina Keith at ang ate niyang si Adelle. Sa wakas, mag-asawa na ang mga ito ngayon. Hindi biro ang pinagdaanan ng dalawa noon bago umabot sa altar. At natutuwa siyang sa wakas ay lubusan na ring nagtiwala sa pag-ibig at sa isang lalaki ang kanyang kapatid.

“Drei!” Napalingon siya sa tumatawag. Iyon ang bunso nilang si Angelika; lukot na lukot ang mukha nito. Mula pa kanina sa simbahan ay ganoon na ang anyo nito.

“Kapag nagpakasal ka, isusumpa kita kapag ginawa mo akong maid of honor!” Padabog itong naupo sa tabi niya. “That’s why I hate formal occasions!” Tila naasar pa itong umungol. “Kailangan pang mag-dress, nakakainis!” Bakas na bakas sa anyo

nito ang disgusto.

Natawa siya nang tuluyan. Maid of honor siya at isa sa mga bridesmaids si Angelika kaya kanina pa ito nagngingitngit dahil napilitang magsuot ng gown. Alam niyang kung hindi lamang nito pinahahalagahan ang espesyal na araw na iyon ng kanilang panganay, nunca itong magsusuot ng gown.

“Huwag kang mag-alala, Gie, bukas lalaki ka na ulit,” tukso niya na lalo pang ikinalukot ng mukha nito.

“Tapatin mo nga ako,” mayamaya ay untag ni Andrea ulit nang tumahimik ito at pinagmasdan din ang unti-unti nang dumaraming nagsasayaw sa gitna ng hardin. Ang biyudong ama ni Keith ay isinayaw ang Lola Alejandra nila. Si Jannus naman, ang doctor na half-brother ni Keith na siyang best man kaya umuwi pa mula sa New York ay kasayaw ang fiancée nito. Sa mga bridesmaids, sila lamang ni Angelika ang nasa mesa at hindi nagsasayaw.

“Nagkakagusto ka ba sa babae, Gie?”

“Tinatanong mo kung tomboy ako?” gagad nito. “Hindi mo pa ako derechahin. Hindi ‘no! Ayoko lang nagsusuot ng dress at gown. Hindi ako komportable.” Iyon din ang ibinigay nitong dahilan kung bakit hindi

nito sinipot ang JS Prom.

“Pero sa lalaki ka pa rin attracted?” hirit niyang ngingiti-ngiti.

Matalim ang tanging ipinukol nito sa kanya. “Kung hindi lang kita kapatid at mas matanda ka sa akin, binigyan na kita ng upper cut! Hindi ako lesbian, sakalin kita diyan, eh!” At lukot ang mukhang iniwan na siya nito.

Napapailing na ibinalik niya muli sa mga nagsasayaw ang mga mata. Parang kailan lang, inaasar-asar pa niya ang kanyang Ate Adelle noong isinama nito sa bahay nila si Keith. Ngayon, pagkatapos ng dalawang taon, kasal na ang dalawa samantalang siya naman ay sa Maynila na naglalagi dahil naroon ang Accounting Firm ng dati niyang instructor sa university. Pagkatapos niyang pumasa sa board ay kaagad siya nitong kinuha na maging isa sa magagaling nitong junior accountants. Sa condo ng kanyang Ate Adelle siya tumutuloy.

Pagkatapos ng kasal, mag-isa na lamang siya sa bahay dahil isang buwang magbabakasyon sa States ang dalawa para sa honeymoon ng mga ito. Hay, how she wished she could travel, too. Sa Paris niya naman nais magpunta at magliwaliw kung sakali. At sa obsession niyang mapunta sa Pransya, nang

kumuha ng U.S. Visa ang Ate Adelle niya ay inungot niya na tulungan siyang mag-apply ng Schengen Visa. Buti na lang at na-approve na ang Visa niya. Ready na siya anytime pumunta ng Paris. Problema na lang ang budget niya.

“Ate Drei!” Bago pa niya nagawang lumingon sa tumawag ay nayakap na siya nito. Si Avner Jr., ang half-brother nila na siyang nag-iisang lalaki sa pamilya nila. Anak ito ng yumao nilang ama sa babae nitong si Helena— ang dahilan kung bakit sila iniwan ng kanilang ama noon.

Hindi pa man niya nagagawang magsalita ay kumalas na ito at patakbong nagtungo sa Lola Alejandra nilang sinumpong na yata ng rayuma kaya inaalalayan ng ama ni Keith paupong muli sa mesa nito.

“Mukhang kanina ka pa naiinggit sa mga nagsasayaw, ah. Wala bang gusto makipagsayaw sa ‘yo, Deer—I mean Drei?” Awtomatikong naglaho ang aliwalas sa mukha niya. Bakit ba hindi niya naalalang sa tuwinang nilalapitan siya ng half-brother na si Jay-R ay kasunod lagi ang buwisit nitong tiyuhin na si Henry? At heto na naman, naghahamon ng argumento ang ungas, ginawa pa siyang usa!

Simula pa man ay mabigat na ang dugo niya rito.

Kung ang ate niya at kapatid ay kasundo nito, siya ay higanteng insekto ang tingin dito—na sa tuwing nakikita niya ay gustung-gusto niyang tirisin kung pwede lang.

Kung tutuusin, noong una ay wala naman itong masamang ginagawa sa kanya; mainit na talaga ang dugo niya rito. Siguro, dahil kapatid ito ni Helena at kahit pa napatawad na niya ang yumaong ama, hindi pa rin niya nakakalimutan ang lahat. At naalala niya sa pagmumukha nito ang babaeng ugat ng paghihirap nila noon.

Naramdaman marahil ni Henry ang disgusto niya rito kaya hindi naglaon, inilabas nito ang tunay na kulay. Hindi na ito nagtangkang itago pa na pareho sila ng nararamdaman. Hindi rin siya nito gusto. Kaya ang paminsan-minsan nilang pagkikita dahil kay Jay-R, na nasa poder nito, ay laging nauuwi sa pagtatalo.

Wala siyang maalalang nagtagpo sila na hindi nauwi sa mainiting sagutan ang kanilang pag-uusap.

“Get lost, Henry,” kaagad niyang angil na hindi man lang ito tinapunan ng tingin. “Kasal ngayon ni Ate, masaya ang atmosphere kaya huwag mong sirain ang mood ko.”

“Ang sama rin ng ugali mo, ano?” balik nito sa walang emosyong tono. “Ikaw na itong nilapitan para isayaw, dahil naawa akong halos lumuwa ang mga mata mo sa kakatitig sa kanila, pero wala kang partner, ikaw pa itong may ganang magtaray?”

Halos magtagis ang mga ngipin ni Andrea nang tapunan niya ito ng matalim na tingin. “Kahit ikaw na ang huling lalaki sa mundo, hindi ako makikipagsayaw sa ‘yo, naiintindihan mo? Mas nanaisin kong lumuwa ang mga mata ko rito! Ang kapal ng mukha mo!” naniningkit ang mga matang aniya sa kontroladong boses. Hindi niya magawang bulyawan ito dahil ayaw niyang makaagaw siya ng atensyon. Hindi niya sisirain ang okasyong ito dahil lang sa hambog na ito! Bakit ba kasi inimbita pa ito ng ate niya?

Tuluyang nag-evaporate ang masayang mood niya. At lalo na siyang nagnitngit nang sa halip na umalis ito ay panatag pang umupo sa silyang binakante ni Angelika na para bang magkaibigan sila. Kumaway pa ito nang mapatingin sa kanila ang mga bagong kasal. Dakilang plastic talaga!

Madilim ang mukhang siya na ang tumayo upang mag-walk out, pero mabilis nitong nahagip ang bisig niya. “Don’t be rude, dear,” sabi nito sa pantay na

tono.

“Bitiwan mo nga ako!” Papalag sana siya, pero ni hindi niya natinag ang hawak nito.

“Nakita ng lahat ang pag-upo ko rito tapos bigla ka namang tatayo? Gusto mo talagang ilantad sa lahat ‘yang ugali—”

“Wala akong pakialam sa iniisip nila, narinig mo?” agap niya, bahagya pang niyuko ito upang mas marinig ng lalaki ang mariin niyang pagbigkas sa bawat salita. “Mas mabuting makita nilang nilayasan kita nang sa ganoon, matanggal ‘yang anghel mong mascara at malaman nila ang tunay mong kulay!”

Mas humigpit ang hawak ni Henry sa bisig niya nang muli siyang pumalag. Nakita niyang bahagyang naggalawan ang mga muscle nito sa panga. Mas naging malamig ang anyo nito pero nababasa niya ang galit sa mga mata.

“At ano ang kulay ko?” tanong nito kasabay ang kaswal pero mapuwersang paghila sa kanya paupo. Ano ba naman ang laban niya sa lakas nito? She was just about five four in height, slim and a woman, while he was almost six feet and was every inch a man!

“Ano pa kundi, itim!” mariin niyang sagot sa

mahinang boses. “Kung gaano kaganda ‘yang balat mo, siya namang ikinasama ng ugali mo, Henry! Bakit, hindi mo alam?”

“Hindi. Dahil ikaw lang ang nagsasabi n’on. Kaibigan ko ang lahat, hindi mo na ba nahalata?” Inilapit rin nito ang mukha. “Ikaw lang ang hindi. Alam mo kung bakit? Dahil diyan sa kagaspangan ng ugali mo!”

“Ang sabihin mo, magaling kang magpanggap kaya napapaniwala mo ang lahat. Puwes, hindi ako!”

“You listen, little tigress!” mariing bulong nito sa pagitan ng pagtatagis ng mga bagang. “Wala akong masamang ginagawa sa ‘yo. Kung may dapat mang sisihin sa mga clashes natin, ikaw iyon! Lagi kang naghahamon ng away, laging mainit ang dugo mo pagdating sa akin, bakit ba, ha?” Marahas nitong hinila ang upuan para mas magkalapit sila. “Why can’t you treat me nicely like everyone else? Kapag iba ang kausap mo, lagi kang nakatawa at napakabait mo. Bakit sa akin tuwina ay gusto mong sumabog sa galit? Do you like me, Andrea? Dinadaan mo ba ako sa galit para mapansin kita?”

Nanlaki ang mga mata niya sa implikasyon ng sinabi nito. “Talagang saksakan ng kapal ‘yang pagmumukha mo, no? Ano’ng tingin mo sa sarili mo,

Greek god? Kapal!”

“Then tell me why you hate me so much!”
Natahimik siya. *Bakit nga ba?* Nang hindi siya sumagot ay marahas nitong sinaklit ang kanang bisig niya. “What? Huwag kang tumahimik lang, sumagot ka!” demand nito.

Wala pa rin siyang mahagilap na isagot. Maliban sa kapatid ito ni Helena, wala na siyang naiisip na ibang dahilan ng mainit niyang dugo rito.

“Hindi ka makasagot ngayon?” muli ay susog nito. “Si Helena, hindi ba?” Nang tangkain niyang ilayo ang tingin ay mapuwersa nitong sinapo ang baba niya at hinuli ang mga mata niya. Mayamaya ay bumuntong-hininga ito. “You’re being unfair, Drei—”

“Hey, war at the wedding?” anang boses na pumutol sa sana ay sasabihin nito. Si Adrian ang nasa likuran nila, ang abogadong kaibigan ni Keith na nasalo rin yata ang kaguwapuhang isinabog ng langit. Isa rin ito sa mga groomsmen. “Bakit parehong hindi maipinta ang mukha ninyo? Si Gie, Drei, nasaan?”

“Pumasok yata sa loob,” sagot niya at ngumiti rito.

“Magsasayaw ba kayo?”

“No,” sabay nilang matigas na sagot ni Henry.

Adrian laughed. “Mukhang tinakasan ako ni Gie, gusto ko pa namang magsayaw. Care to dance, Drei?”

Ang inis niya kay Henry ang dahilan kung bakit isang matamis na ‘sure’ ang itinugon niya kay Adrian.

Labag man sa loob ay napilitan si Andrea na lumapit sa sasakyan ni Henry. Hindi niya alam kung ang pagkakataon ba ang nananadya o ang mga kasama niya.

Pauwi na silang lahat nang haponng iyon. Nasa iisang kotse ang ate niya at si Keith, samantalang sina Lola Alejandra naman at si Angelika ay nasa service car na dala ni Jannus. Kasama ng mga ito ang ama at ang fiancée ng binata. Dahil sa kabagalan niyang kumilos, siya ang naiwang nag-aayos ng mga gamit niya. At nang handa na siyang sumakay ay nakapuwesto na ang lahat, wala na siyang lugar.

“Sumabay ka na lang kina Henry, Andrea,” ang maawtoridad na utos ng lola niya. Nang ibaling niya ang tingin sa kapatid upang ito ang palipatin ay ngumisi lamang ito. Para bang sinabing “*Iyan ang napapala ng mababagal!*”

Napabusangot na bumalik siya bitbit ang sariling mga gamit. Mabibigat ang hakbang niya patungo sa kotse ni Henry. Nakita niyang nahuli rin ito sa paglabas kanina.

“Kaya mo bang maglakad mula Tagaytay hanggang Pampanga?” tanong mula sa likuran niya.

Napapikit siya. How she hated situations like these! Kailangan niyang humingi ng pabor sa lalaking ito. Isusumbat pa yata sa kanya ang gagawin niyang pagsakay sa kotse nito. Kung hindi lamang katangahang mag-bus na lamang siya, baka kanina pa niya ginawa. “Kung kaya mo, simulan mo na. Hindi kita pipiliting sumakay sa kotse ko.” Tuluy-tuloy nitong binuksan ang compartment at isinilid ang mga gamit nito roon.

“Babayaran kita, magkano ba?” naisip niyang depensa. “Hindi ko rin naman gustong sumakay sa kotse mo, eh—if only I have a choice...”

“You have a choice, dear!” Ang tono nito ay nang-aalaska, pero tila yelo naman ang mga mata. “You can take the bus or... use your legs and walk!”

Gustong-gusto na niyang talikuran ito at maghanap na lang ng masasakyan, pero makikita siya ng buong pamilya niya. Hindi niya gustong isipin

ng mga itong pinaiiral na naman niya ang pagiging childish niya.

“Kung ayaw mo akong kasama sa iisang sasakyan, well, woman, the feeling is mutual,” dugtong pa nito.

Gutong-gusto na niyang mag-walk out, pero kapag ginawa niya iyon, siya ang talo. Hindi niya mapapayagang makausong si Henry. Hindi niya ito bibigyan ni katiting na kasiyahan.

Itinaas niya ang mukha at confident na humakbang patungo sa likuran ng sasakyan upang isilid ang mga gamit niya sa compartment. Lumikha ng ingay ang pabagsak niyang pagsasara niyon.

“Galit ka ba, Ate Drei?” Sumungaw ang ulo ni Jay-R sa bintana ng backseat.

Buong tamis niyang nginitian ito. “Napalakas lang, Jay,” sagot niya. Binuhay na ni Henry ang makina ng sasakyan. Walang salitang lumulan siya sa kotse at naupo sa backseat.

Kaagad na yumakap sa kanya ang bata. “Nice, you’re here. May shoulder akong tutulugan!” Humilig nga ito sa balikat niya. Napangiting ginulo niya ang buhok nito.

Nang matulin na ang takbo nila ay ipinikit na

lamang niya ang mga mata at pinilit makatulog. Subalit talagang mailap ang antok. Ang pagmumukha ni Henry ang nakikita niya sa diwa kaya buhay na buhay at kumukulo pa ang dugo niya.

Marahas niyang ipinilig ang ulo at nagmulat ng mga mata. Nahimbing na si Jay-R. Nang mag-angat siya ng tingin ay nakita niyang nasa rearview mirror ang mga mata ng magaling nilang driver.

“Ano’ng tinitingin-tingin mo?” asik niya at saka ito inirapan.

“Kung artist ako at ipipinta ko ang tabas ng mukha mo ngayon, natitiyak kong lalangawin ang painting. Sa kilay at nguso mo pa lang, hindi na lalapit ang bibili para sipatin ang portrait nang malapitan. Ang—”

“Bakit ba ang talim ng dila mo, ha?” naniningkit ang mga matang bulyaw niya rito.

Pintasan na nito ang lahat huwag lang ang mukha niya. Ayaw niyang natatawag na hindi maganda—kahit na nga iyon ang tingin niya sa kanyang sarili. Unang-una niya kasing insecurity ang dark skin niya na iba sa dalawa niyang kapatid na parehong Spanish mestiza. Namana raw niya iyon sa kanilang ama.

“Kung mang-insulto ka, akala mo kung sino kang

perpekto!”

“O, hindi ba ganoon ka rin sa ‘kin?” gagad nito. “Hindi mo ba napapansin? Hobby na nating pareho ang batuhin ng insulto ang isa’t isa.”

“Hindi kita—” Hindi na niya tinapos ang pangungusap. Dagli niyang inilayo ang tingin. Hindi niya gustong makita nito na namamasa ang sulok ng mga mata niya.

“Hindi mo ako iniinsulto?” Sarkastiko itong tumawa. “You didn’t have a photographic memory then!” At mas malakas ang tawa nito, mukhang tuwang-tuwa pang nasasaktan siya.

Nakuyom niya ang palad habang hindi kumukurap na nakatitig sa labas ng sasakyan. May araw rin sa kanya ang lalaking ito. Namayani ang katahimikan.

“O, para lumamig ang ulo mo.” Bumagsak sa kandungan niya ang isang box ng *Toblerone* na inihagis nito. “Hindi healthy sa puso ang laging galit, baka ma-stroke ka!” Iba na ang tono nito ngayon, tila naaaliw na.

“Hindi ko kailangan ‘yan. Kainin mo hanggang mamaga ang tonsils mo!”

“Huwag ka nang mahiya. Kung hindi ko pa alam,

Thirty Sweet Days - Aira Felicity

isang box ng *Chocomani* ang itinataob mo kapag nagre-review ka sa Law subject mo n'on. Pero wala pa rin, still sa exam—”

“Ang kapal talaga ng mukha mo!” Napilitan siyang tingnan ito. “*Cloud 9* ang itinataob ko n'on, hindi *Chocomani*! At hindi ako ang lowest kahit mababa ang scores ko sa Law! And for your information, mataas ang score ko sa board exam!” Wala na siyang pakialam kung para siyang batang nagtatanggol ng sarili. Lalo na siyang nanggigil nang malakas lamang itong tumawa.

Muling inihagis ni Henry sa kanya ang chocolate na ibinalik niya. “Go, eat, bago ka pa maiyak. Your eyes are already misty, dear.”

Dahil alam niyang talo siya sa pagkakataong ito ay pinagdiskitahan na lamang niya ang chocolates. Malalaki ang ginawa niyang pagkagat.

2

Tinaasan ni Andrea ng kilay ang bayaw na nakangiti habang nakatingin sa kanya. Nakayapos ang isang braso nito sa baywang ng Ate Adelle niya. Tumawa si Keith.

“Huwag kang magdadala ng date sa condo, Drei. May mga hidden camera r'on, makikita ng ate mo pagbalik namin at isusumbong ka namin kay Lola!”

“Date?” ulit ni Adelle. “Malabong mangyari ‘yon, Hon. Knowing Drei?” Nagtinginan ang ate niya at si Angelika tapos ay nagtawanan ang dalawa.

“Huwag kang tumawa, Gie. Maid of honor ka sa kasal ko, bruha ka!” ganti niya sa bunsong kapatid na kaagad na bumusangot. “You’ll have to wear a gown, haha! At ikaw, Ate, huwag kang masyadong panatag, sa New York ang tungo ninyo. Bantayan mo si Keith, naroon si Hannah!” Tumawa pa siya nang wicked. Kung asaran din lang ang usapan, hindi siya papatalo sa mga kapatid.

“Tumigil ka, Andrea,” saway ni Lola Alejandra na napansin marahil na tumiklop na naman ang dalawa niyang kapatid. Si Adelle ay nakatitig kay Keith. Si

Angelika ay hindi maipinta ang mukha.

Sa tagpong iyon sumulpot sa sala si Jay-R. Yumapos ito kay Adelle. “You take care, Ate,” anito. Yumuko ang kapatid niya at niyakap ang bata.

“Paano, mauuna na kami.” Ang ngiti niya ay nabura nang marinig ang boses na iyon ni Henry.

“No, sabay-sabay na tayo,” agap ni Adelle. “Tiyak, naghihintay na sina sa Daddy sa condo. Lola...” Hinagkan na nito ang abuela sa pisngi kasunod si Angelika. “Hindi ka ba talaga sasabay sa amin?” tanong nito bago siya hinagkan.

“Magbu-bus na lang ako,” tugon niya at kiniliti ito sa tagiliran. “Happy honeymoon.”

Tulad ng madalas nitong gawin, hinila na nito ang buhok niya. “Gie, ikaw na’ng bahala kay Lola, okay? Drei, huwag mong pabayaang mga units.”

“At huwag mong kalilimutang pakainin si Truitt,” dugtong ni Keith. Ang baby cat na nasa unit nito ang tinutukoy ng lalaki.

“Masusunod,” nakangiti niyang turan.

“At ako, pupuntahan mo ako sa Wednesday, Ate Drei,” singit ni Jay-R.

“Hmm.” Nilingon niya ito nang nakangiti. “Puwede bang mag-pass?”

“No.” Si Henry ang sumagot. Napawi ang ngiti niya. Nagsasalubong ang kilay na bumaling siya rito. “Walang kasama ang bata sa town house. May party akong dadaluhan. Puntahan mo siya after work.”

“Huwag mo akong utusan,” balik niya rito sa malamig na tono. “Why don’t you cancel that party and—”

“Drei, naririnig ka ni Jay-R,” pasimpleng bulong ni Adelle. Tumikhim si Keith. Masama naman ang tingin sa kanya ni Lola Alejandra samantalang si Angelika ay napapangiti.

“Susunduin kita sa school at sa unit ka matutulog sa Wednesday, Jay,” kaagad niyang kambyo matapos tapunan ng matalim na tingin ang binatang tiyuhin nito.

Sobra talaga ang lalaking ito, pati roon dinadala ang pagiging boss. Kung makautos ay para lang siyang empleyado nito. Lahat na talaga ng katangiang ayaw niya sa isang lalaki ay sinalo nito—bossy, arogante, overconfident na wari ba ay kayang gawin ang lahat, at kung mang-insulto mistulang walang damdamin!

Ganoon ka rin naman sa kanya, hindi ba? Ipinilig

Thirty Sweet Days - Aira Felicity

na lamang niya ang ulo upang iwaglit ang naisip. Itinakda nga yata silang dalawa para maging enemies.

Saglit na nahinto si Andrea sa pag-aayos ng gamit nang sumalya pabukas ang pinto ng silid niya. Si Angelika ang pumasok.

Nagtatakang sinipat nito ang ginagawa niya. “Akala ko ba, bukas ka pa babalik ng Maynila, Drei?”

“Nagbago ang isip ko. Maaga pala ako sa firm bukas.”

“Ows? Ayaw mo lang sumabay kay Henry, ano?”

“Huwag mo ngang binabanggit ang pangalan ng hambog na halimaw na iyon, kumukulo ang dugo ko eh!”

Ang lakas ng tawa ni Angelika. “Bakit ba galit na galit ka sa kanya? Wala namang masamang ginagawa ‘yong tao. Unless...” Hinagod siya nito ng makahulugang tingin. “Ninakawan ka ng halik?”

“Baliw!”

“Minolestiya?”

“Minolestiya! Sira ka ba?”

“Ah, alam ko na,” anito na ngingisi-ngisi. Napatitig siya rito. “Ikaw ang may hidden desire sa kanya. Ikaw ang nag-iisip magnakaw ng halik at nagpapantasyang molestiyahin ang guwapong halimaw!” Humagalpak ito ng tawa habang patungo sa pinto. Nanggigigil na binato niya ito ng unan na kaagad nitong nasalo at ibinalik sa kanya. “Hindi ka pinagbigyan kaya mainit ang dugo mo sa kanya!” pagtatapos nito saka pasalyang isinara ang pinto.

Narinig pa niya ang malakas nitong tawa sa labas ng silid. Ngayon ay nararamdaman na niya ang pakiramdam ng Ate Adelle niya noon kapag inaalaska niya kay Keith.

Bruha talaga itong si Angelika, aagawin pa yata ang record niya bilang opisyal na alaskadora sa pamilya! Napailing na itinuloy na lamang niya ang pag-aayos ng mga gamit.

Ang totoo, tama ang kapatid niya. Hindi niya gustong maging istorbo sa bagong kasal kaya hindi siya sumabay. At lalong hindi niya gustong makasama si Henry. Tama na ang ilang oras na halos maiyak siya sa mga atake nito kanina. Kung pwede nga lang na putulin na niya ang anumang kaugnayan nito sa pamilya niya, baka matagal na niyang ginawa. Pero hindi maaari, nasa poder nito si Jay-R at bukod sa

taglay ng bata ang apelyidong Ferrera sa halip na ang tatay nila, si Henry na halos ang tumatayong ama nito mula noong magkasakit ang tatay nila noon.

Sa kahit na anong laban ay talo siya. Idagdag pang hindi nito basta ipapaubaya sa kanila ang bata. At siguradong kung papipiliin man ang husgado si Jay-R kung sakali, walang kukurap-kurap nitong pipiliin ang binata.

Kaya kailangan niya talagang pagtiisan ang lalaking iyon para sa kapatid nila na napamahal na rin sa buong pamilya niya.

Lunes ng hapon. Pagkalabas mula sa firm ay tuluy-tuloy si Andrea sa tabi ng kalsada upang mag-abang ng taxi. Nagulat siya nang huminto ang pamilyar na kotse sa tapat niya.

“Sakay na!” ani Henry na sumilip sa bumabang tinted na salamin. Ano ang nakain ng lalaking ito at naisipang dumaan sa firm? Imposible namang napadaan lamang ito dahil out of the way ang opisina ng *FIDC o Ferrara Industrial and Design Center*, ang kompanyang pag-aari nito na importer at distributor sa Pilipinas ng mga pangunahing interior products.

“Umalis ka na, kaya kong umuwing mag-isa.”

“Sasakay ka ba o bababa ako at bubuhatin kita?”

May banta sa ilalim ng pantay nitong tono pero binalewala niya iyon. Naglakad siya palayo rito. Pinausad naman nito ang kotse upang sabayan siya. “Don’t try my patience, Andrea. Get in the car!”

“No! At huwag mo akong mautus-utusan, Henry! Hindi ako isa sa mga empleyado mong manginginginig na susunod sa bawat salita mo!”

“Hindi kita inuutusan,” ganting sigaw nito; mukhang nagagalit na rin. “Sinasabi ko lang na sumakay ka na. Bakit ba kailangan mo pang gawing komplikado ang lahat hanggang sa mag-away tayo?” Bigla nitong tinapakan ang brake ng kotse at tila lobong handang manlapa na lumabas. Marahas ang ginawa nitong pagsasara sa pinto ng sasakyan. “Hindi ka ba napapagod sa walang kabuluhang sagutan natin, Andrea? Twice a week tayo kung magbangayan!” Iyon ang mga beses na nagkikita sila sa isang linggo dahil kay Jay-R. “Eight times a month, ninety-six times a year. God, this nonsense argument is getting into my nerves!”

“Then don’t come near me!” matapang niyang sagot. Pero nang lumapit ito sa malaking hakbang ay wala sa sariling napaurong siya. Hindi niya alam na bukod sa galit ay ginigising din pala nito ang

takot niya. She just did not realize it earlier. Maybe because, she was never afraid of any man. Pero takot nga ba ang nararamdaman niya rito? Or was it his overpowering aura that threatened her?

“Kung posible iyon, matagal ko nang ginawa.” Nagpatuloy ito sa paghakbang at siya naman ay sa pag-urong. “Stop moving away! Andrea! Damn it, I wont hurt you!” mas marahas nitong sigaw na nagpalingon sa mga kasabayan niya. At nang madako sa firm ang mga mata niya, nakita niyang palabas ang boss niya. Kusang huminto ang mga paa niya. Hindi niya gustong lumikha ng komosyon at ipahiya ang sarili.

Hindi na siya nagprotesta maging nang hawakan siya ng lalaki sa braso at isakay sa kotse nito. Ang reputasyon niya sa mga bosses niya at kaopisina ang iniisip niya.

Mabilis itong lumigid sa driver seat matapos isara ang pinto niya. Hindi na siya umiimik; nasa labas ang mga mata niya.

Narinig niya ang sunud-sunod na pagbunot ng hininga ni Henry. Nang bumaling siya rito ay nakita niyang mahigpit nitong hawak ang manibela na para bang doon gustong ibunton ang nagpupuyos na damdamin.

Wala siyang maisip sabihin. Hindi siya sanay makita ito sa helpless na anyo. Para bang natalo ito sa isang laban at pinipilit nitong kontrolin ang naghuhumiyaw na emosyon.

Napasandal siya sa kinauupuan nang bigla itong bumaling sa kanya. Bahagyang naningkit ang mga mata nito na para bang hindi nagustuhan ang reaksiyon niyang iyon. Matagal siya nitong tinitigan. Napalunok naman siya at kaswal na inilayo ang tingin sa mukha nito.

“Tinakot ba kita kanina?” He uttered the question with such gentleness that made her blink twice. Inakala niyang binibiro lamang siya ng pandinig kaya tumingin siya rito upang makatiyak. And there, she found him looking at her gently. Kung hindi siya nagkakamali, guilt at pag-aalala ang nasa mga mata nito.

Dalawang beses siyang napalunok. Hindi niya inaasahan na iyon ang sasabihin ni Henry. Kung sa argumento nila ay hindi siya nauubusan ng salita, sa pagkakataong ito ay hindi niya alam kung ano ang isasagot niya sa simpleng tanong nito.

“Drei?”

She swallowed again. Bakit pati pagtawag nito sa

pangalan niya ay iba rin ang tono? Binibiro lamang ba siya ng pandinig niya?

“No. H-hindi naman,” ang naapuhap niyang sagot.

Muli niyang narinig na bumuntong-hininga ito. “Bakit ka umuurong kanina?”

“Lumapit ka, eh,” wala sa sariling tugon niya. Hindi niya maintindihan kung bakit para bang hindi siya komportable na hindi sila nagsisinghalan habang nag-uusap. Para bang nate-tense siya na hindi niya maipaliwanag. Marahil ay nakasanayan na niya kasi ang regular nilang sagutan tuwing magtatagpo ang mga landas nila kaya naninibago siya sa usapang ganito.

“At inisip mong sasaktan kita?” Pinausad na nito ang sasakyan.

“Hindi. Awtomatic response lang siguro dahil alam kong pipilitin mo akong isakay sa kotse kahit ayoko.” Hindi niya alam na maaari rin pala silang mag-usap na hindi nagsisinghalan.

Hindi na ito umimik kaya binalot na sila ng mahabang katahimikan hanggang narating na nila ang building ng condominium. Tila may malalim na iniisip si Henry. Handa na sana siyang lumabas ng

Thirty Sweet Days - Aira Felicity

sasakyan nang pigilan nito ang bisig niya.

“Sasama ako sa unit, may gusto akong sabihin.”

“Tungkol saan?” nagkasalubong ang kilay na tanong niya.

Tumikhim ito. “I came up with a deal. Let’s talk it over dinner,” he said with finality.

“Walang pagkain sa unit, magluluto pa lang—”

“No problem. Nagdala ako...”

3

Muntik na niyang maibuga sa mukha ni Henry ang nginunguyang pagkain matapos nitong banggitin ang deal na tinutukoy nito. He called it “Thirty Days Deal”.

Mayamaya pa ay tumatawa na siya habang hinahagod ng tingin ang buong mukha nito. Kaswal lamang itong nagpatuloy sa pagkain na para bang inaasahan na ang reaksiyon niyang iyon.

Sino ba ang hindi matatawa sa proposisyon nito? Sa loob raw ng tatlumpong araw ay magkikita sila palagi, everyday if possible. At ang hamon nito sa kanya: kailangang hindi sila mag-away. Kapag natapos raw ang isang buwan na walang argumentong namagitan sa kanilang dalawa, siya ang panalo. Ibibigay nito sa kanya ang ipupusta nitong premyo.

At kapag may bumangong argumento sa pagitan nila, kahit isang beses lang sa tatlumpong araw na iyon, ang binata ang panalo at kailangan niyang tanggapin ang punishment na katapat ng premyo.

Nagulantang siya nang sabihin nito ang tinutukoy na parusa—isang buwan raw siyang magiging ‘slave-girlfriend’ nito. Ibig sabihin, gagawin niya ang lahat

ng nais nitong ipagawa sa kanya!

“Kung sa tingin mo papayag ako sa kalokohang deal mo na ‘yan, puwes, mali ka. Hindi pa ako nasisiraan ng bait!”

“Kahit sabihin kong roundtrip ticket to Paris ang ibibigay ko kapag ikaw ang nanalo?”

“Roundtrip ticket to where?” hindi makapaniwalang ulit niya. Tama ba ang dinig niya sa sinabi nito.

Gumalaw ang sulok ng labi nito pero hindi ngumiti. Kaswal nitong itinuloy ang pagkain. “Paris.”

Oh, my! You got to be kidding me, Henry! Hindi niya uurungan ang anumang hamon kung ang katuparan ng dream travel niya ang price at stake!

“Nagbibiro ka ba?”

“No. I’m serious.”

“At paano ko masisigurong ibibigay mo nga ang pusta mo kapag nanalo ako?”

“You have my words, Drei. I’ll reserve the plane tickets a week before the end of the thirty days deal.”

He may be everything she despised—pero hindi kasama sa mga bad traits nito ang sumira sa usapan,

Thirty Sweet Days - Aira Felicity

alam iyon ni Andrea. Unti-unting gumuhit ang ngiti sa labi niya. Sino ang mag-aakalang ganito lang pala kadalang mapapasakanya ang dream trip niya?

Ah, kayang-kaya niyang kontrolin ang pagtaas ng dugo niya sa ngalan ng Pransya!

Hindi niya alam kung bakit tila kumikislap ang mga mata ni Henry habang tinitingnan siya. “So, deal?” Nagbabanta sa labi nito ang ngiti. Naglahad ito ng kamay.

Ngumisi siya; nakita sa isip ang itineraries niya sa Paris sa susunod na buwan. “Thirty days na walang away? Deal!” Inabot niya ang kamay nito.

Napawi ang ngiti ni Andrea nang mahigpit na nakulong sa malapad nitong palad ang kamay niya. Hindi niya inaasahan ang gumapang na init sa ugat niya mula sa balat nito. Bakit may naramdaman siyang ganoon?

“Prepare yourself, Drei,” sabi nito kasunod ang pagpisil sa palad niya. Hindi niya alam kung bakit bahagya siyang napasinghap sa ginawa nito. Matiim pa siya nitong tinitigan na gusto na niyang bawiin ang nabitawan na niyang salita. “The thirty days starts now.” Makahulugan itong ngumisi. “You’ll be my slave-girlfriend next month.”

Thirty Sweet Days - Aira Felicity

Nakipagtagisan siya ng titig dito. Hindi siya papayag na matalo nito. “We’ll see. Sa Paris ko nakikita ang sarili ko, malayo sa pagiging girlfriend mo!”

“Oh, yeah?” Pasulyap-sulyap sila sa isa’t isa nang mga sumunod na sandali. At kapag nagtama ang mga mata ay kapwa sila mapapangiti. May kutob siyang pareho sila ng iniisip—kung paano tatalunin ang isa’t isa!

Kapagdaka ay nagpaalam na ito. Inihatid pa niya ito sa sala. Akmang bubuksan na nito ang pinto nang huminto sa doorknob ang kanyang kamay. Nilingon siya ng binata.

“Nasabi ko bang simula na sa gabing ito ang thirty days deal?” seryosong tanong nito na humakbang muli pabalik.

“Yeah. Why?”

“Wala naman...” sagot nito nang mismong huminto sa harapan niya.

Nagtataakang tumingala siya rito; umawang ang mga labi niya nang ngumiti ito. Malinaw niyang nabasa ang mischief sa mga mata ni Henry. At bago pa niya nahulaan ang gagawin nito, pumaikot na sa baywang niya ng kanang braso nito at mariin siyang

hinagkan sa labi!

Napatulala siya, hindi niya inaasahan ang epekto ng halik na iyon sa mga senses niya. Pero nakulong sa lalamunan ang sana ay litany niya nang magsalita ito.

“Gather all your cards, Drei. This game is mine.” Mistulang tusong lobo ang ngiti nito nang humakbang pabalik sa pinto. “Don’t forget that you’re dealing with a wicked Ferrera, Andrea Ignacio!” Lumapat na ang pinto ay nakatulala pa rin siya.

“Hep, hep!” Nakataas ang kilay na umurong siya ng isang hakbang nang lumapit si Henry. Nasa tapat sila ng firm noon at sinusundo siya nito. Kinabukasan na iyon. Ikalawang araw ng deal nila. “Dare to kiss me again at bubutasan ko ng *Parker* pen ang lalamunan mo, trust me!” banta niya hawak ang pulang ballpen.

He chuckled while opening the door of the car for her. “Inaaway mo ba ako?”

“Of course not!” Fake siyang ngumiti saka sumakay sa passenger seat. “Nakangiti ako, oh!”

“Ngiting aso?”

“Halata ba?”

Narinig pa niya ang malakas nitong pagtawa matapos isara ang pinto ng kotse. Hindi pa rin nabubura ang ngiti nito hanggang umuusad na ang sasakyan.

“Para kang nasa alapaap, ah,” hindi niya napigilang puna. “Ngiti ka nang ngiti, para kang sira!”

“Bakit ka ba nakikialam?” ganti nito. “Naiistorbo ka ba ng ngiti ko?”

“Hindi.”

“O, hindi naman pala. Ang gawin mo, zip your big mouth, okay?”

Inirapan niya ito. Gustung-gusto niyang sagutin ito pero matatalo siya sa deal nila. Mauudlot ang Paris trip niya at hindi niya hahayaan iyon!

“How’s your day?”

Isang malutong na *‘Wala kang pakialam!’* sana ang isasagot ni Andrea pero may kung anong warmth na hatid sa dibdib niya ang tanong nitong iyon, na para bang concerned talaga ito sa kanya. “Okay naman.”

“Pagod ka?”

“Mentally, yes. Nakaka-drain ng brain cells ang

pagbabalanse ng mga financial statements.”

“Gusto mo bang mag-relax?”

“Uminom sa bar? No...”

“Manood ng sine?”

“No!” maaring tanggi niya. “Bakit ako manonood ng sine kasama mo?”

“You mean that?” napapangiting susog nito.

Natauhan siya, biglang nagkambiyo. “I mean...” Matapos lang ang deal na ito, lagot sa kanya ang tinamaan ng magaling na lalaking ito! “Yeah, movie. Why not. Saan ba?” Wala itong kamalay-malay na ang kanan niyang palad na nasa side niya ay mahigpit ang pagkakakuyom.

“*Megamall?*”

“Ah, huwag na lang. May kailangan pa pala aong asikasuhin at kailangan kong pumasok nang maaga bukas...”

“No, manonood tayo.”

Magtataas na sana siya ng boses at sasabihin niyang hindi siya nito maaring pilitin, pero naudlot iyon muli nang maisip niya ang deal. Nahahapong sumandal siya sa upuan at mariing ipinikit ang mga

mata. Kung hindi niya mapipigil ang pagtaas ng presyon, matatalo talaga siya. Magtatapos silang alipin siya nito. Slave-girlfriend in a month? No way!

“Henry...”

“Hmm?”

“Hindi ko talaga gustong manood. Can’t we just go home?” May bahid ng pakiusap ang tono niya.

Sinulyapan siya nito. “Okay. But we’ll have dinner first.” Nakahinga siya nang maluwag. Madali rin pala itong pakiusapan. Binanggit nito ang sikat na restaurant.

“Your treat,” dugtong nito.

“My treat!” bulalas niyang nanlalaki ang mga mata. “Ang mahal kaya d’on! Hindi ako sing-yaman mo kaya nagtitipid ako.” Nasa States ang Ate Adelle niyang nagsisilbing ‘bangko’ niya sa mga pagkakataong ganito kaya poor siya ngayon. Pati nga ang mga bank accounts niya na naglalaman ng malaking halagang dahilan kung bakit na-approve ang Visa niya ay hindi talaga sa kanya. Sa ate niya iyon at kay Keith. “Sa gotohan na lang malapit sa condo tayo mag-dinner, huwag kang maarte!” malakas niyang turan. “Kapag nasuka ka, ang saya ko...” pabulong na dugtong pa niya.

“Ano’ng sinabi mo?”

“Wala! May narinig ka ba?” At muli siyang bumulong, “Guwapo ka sana, bingi ka naman...”

“What?”

“Kung ako ang magbabayad, magdi-dinner tayo sa lugar na gusto ko.”

“No cash?”

“Aba’t—” hindi na naman niya naituloy ang sana ay litanya niya sa kayabangan nito. Malakas na tumawa si Henry. Nang balingan niya ito, nangingislap ang mga mata nito sa amusement. She realized one thing: sinasadya nitong galitin siya!

“Ako na ang magbabayad,” anito mayamaya. “Baka masira ang tiyan ko sa gotohang sinasabi mo.”

“Nuknukan ka talaga ng yabang, Henry!” hindi niya na napigilang ibulalas. “Huwag mong ipagmalaking mayaman ka, hoy! Hindi mo madadala ‘yan sa kabilang buhay!”

“Galit ka ba?”

“H-hindi.”

“Inaaway mo ako?”

“Ah—no!”

“Bakit ka sumisigaw?”

“Ako, sumisigaw? Hindi ah!” Muli niyang nakuyom ang mga palad. Tumaas-baba ang dibdib niya sa pinipigilang emosyon. Ipininid na lamang niya ang mga labi at hindi na kumibo.

Ipinapasok na nito sa parking area ng restaurant ang kotse.

“Hey, are you okay?” pansin nito matapos patayin ang makina ng sasakyan at hindi pa rin siya tumitinag. Sa halip na sagutin ito ay hinagod-hagod na lamang niya ang nagsisikip na dibdib.

“Kumibo ka naman, para kang *dark* statue diyan!” natawang anito.

Pagkarinig niya ng salitang ‘dark’, pakiramdam ni Andrea ay may tinapakan itong bahagi ng pagkatao niya. She was offended. Maybe, it was her insecurity that triggered it. At dahil hindi siya maaaring gumanti sa atake nito, natagpuan niya ang sariling namamasa ang sulok ng mga mata. Matalim ang tinging ipinukol niya rito.

Natigilan naman si Henry at ilang segundong napatitig sa kanya. “Did I say something wrong?”

usisa nito, bumakas sa mga mata ang pag-aalala.

Sa halip na sumagot ay itinulak niya ang pinto at mabilis na lumabas. Kaagad itong nakalabas mula sa driver seat at mabilis na lumigid sa kinatatayuan niya.

“Ano na naman ang nagawa ko?” banayad na tanong nito at inabot ang mga bisig niya. Nang tumingala siya ay nasalubong ng tingin niya ang masuyong anyo nito. Tuloy ay para siyang tangang namasa lalo ang mga mata. Mababaw talaga ang luha niya.

Napabuntong-hininga ito at niyakap siya. “O, huwag kang umiyak...” Banayad nitong hinagud-hagod ang buhok niya at likod. “Kung anuman iyon, sorry na...”

She did not know why but she felt good being in his embrace. Nang mas higpitan pa nito ang yakap, natagpuan niya ang sariling pumipikit at nagpapaubaya.

Ito ba talaga ang lalaking kaaway niya? Ito ba talaga ang Henry na kilala niya?

Nanatili siyang nasa mga bisig lamang nito ng ilang segundo.

Hindi inaasahan ni Andrea na maaabutan niya si Henry sa sala ng bahay nito nang Miyerkules na iyon. Galing siya sa silid ni Jay-R dahil sinamahan niya itong gumawa ng mga assignments pagkatapos nilang kumain ng hapunan. Tulog na ang bata nang iwan niya.

Ang sabi ng lalaking ito noong nasa Pampanga sila, may pupuntahan itong party kaya kailangang siya ang sumundo kay Jay-R. Day-off kasi ng yaya ng bata sa araw na iyon.

Bakit narito ito sa sala ngayon at panatag na nanonood ng telebisyon habang prenteng nakataas ang mga paa sa center table?

“Uy, Henry, ano’ng ginagawa mo dito—”

“Bahay ko ‘to, bakit ka nagtatakang narito ako?”
pamimilosopo nito.

“Ibig kong sabihin, hindi ba dapat nasa party ka?”

“Nagbago ang isip ko,” simpleng sagot nito.

“Uuwi na ako,” aniya na lang. “Nga pala, ang dami mong imported chocolates sa ref. Ayaw mo bang mamigay?”

“Kunin mo lahat, I don’t mind. Pero huwag ka munang umuwi. Ihahatid na lang kita mamaya,”

kaswal na turan nito.

“Ayoko!” tanggi niya at tumuloy sa kusina. Tinotoo nga niya ang pagkuha ng chocolates. Isinilid niya ng mga iyon sa malaking paper bag. Isang box lang ang itinira niya. “Mabo-bore lang ako ritong kasama ka.”

“Wala akong kuwentang kasama, ganoon?” Nagsalubong ang malalagong kilay ng lalaki nanag balikan niya sa sala.

“Hmm...” tanging sabi niya at nilampasan ito. Binitbit na niya ang mga gamit na nasa sofa. “Babu!”

“Andrea!”

“Ano?”

Mabilis itong nakatayo at nakalapit sa kanya. “Nagbago ang isip ko. Akina ang mga chocolates,” at walang kahirap-hirap nitong nakuha mula sa kanya ang paper bag. “Boring pala akong kasama ah!” Malalaki ang hakbang na nagtungo ito sa kusina.

“Henry, hoy!” aniyang humabol. Sumimangot siya. “Ang yaman mo na, kakarampot na chocolate ipinagdadamot mo sa ‘kin?”

Tumawa lamang ito, itinuloy ang pagpunta sa kusina. Alam niyang ibinalik nito sa ref ang mga

chocolates.

“I just want you to stay for a while longer. Tara, laro tayo ng chess. Pag nanalo ka, I’ll give you all the chocolates.”

Kinuha nito mula sa kanya ang mga bitbit niyang gamit at ibinalik iyon sa sofa. Pagkatapos, hinila siya nito paakyat sa hagdanan.

Patuloy siya sa pagreklamo, “Hmp, nagdadamot ka lang, eh. Mayabang ka na, maramot ka pa. Kinolekta mo na talaga lahat ng bad traits!”

Huminto ito at nilingon siya. Nasa gitna na sila ng hagdanan noon. “Hindi mo nga ako inaaway, nanlalait ka naman!”

“No, I’m not. Nagsasabi ako ng totoo.”

“Yeah? You mean, wala kang nakikitang magandang traits sa akin?”

“Mayr’on naman.”

“Ano?”

Sa halip na sumagot ay inilahad niya ang kanang kamay sa harap nito. “Isang pack ng *Hershey’s*.”

Napailing na binitawan nito ang bisig niya. Umungol ito, hindi niya alam kung sa iritasyon o

amusement. “I’ll give it to you later. Now, answer the question. Ano ang magandang traits ko?”

“Physical. Guwapo ka,” walang gatol niyang sagot rito. Totoo iyon kaya bakit hindi niya sasabihin? Kumikislap naman ang mga mata nito at akmang ngingiti nang maluwag, pero nahinto nang muli siyang humirit, “Huwag mong masyadong dibdibin, may ‘pero’ ‘yon sa huli.”

“Ano ‘yung pero?” interesadong susog nito.

Tumatawa siya sa isip habang hinahagod niya ng tingin ang mukha nito. Hindi niya alam na madali palang paglaruan ang lalaking ito. Hindi lang iyon, nakakatuwa rin pala itong kausap.

“But... you’re old. Thirty-two? Gurang.”

Gusto niyang humagalpak ng tawa nang malaglag ang panga ni Henry sa sinabi niya. Hahakbang na sana siya paakyat pero hinaklit nito ang baywang niya at mabilis siyang naisandal sa dingding. Namilog ang mga mata ni Andrea habang nakatitig dito. Umangat ang mga palad niya at lumapat sa dibdib nito para itulak ito pero mas hinapit siya nito na nagpasinghap sa kanya.

“W-what are you doing?” Gusto niyang mag-panic sa pagkakadikit ng katawan nila. May bumabangong

tension sa dibdib niya.

“Bawiin mo’ng sinabi mo, Andrea,” mababang utos nito at mas ibinaba pa ang mukha sa kanya. “Or I’ll kiss you until you’re breathless...”

It was then that she became aware of his scent. At niyayakap siya ng bango mula rito! Wide-eyed, she looked up at him. At gusto niyang manghina nang titigan nito ang mga labi niya na para bang tinatantya ang gagawing paghalik sa kanya.

“And you’ll know the taste of a thirty-two-year-old man...” Kaswal na pinadaan nito ang dila sa sariling mga labi at hindi niya alam kung bakit nanuyo ang lalamunan niya dahil doon. Hindi niya napigilan ang paglunok. Nanlalambot ang tuhod niya!

“H-hindi mo gagawin ‘yan...” Ramdam niyang papabilis ang tibok ng puso niya. Sinubukan niya itong itulak, pero hindi man lang niya natinag ang dibdib nito.

“Gagawin ko, Drei, believe me,” he murmured.

“Aawayin kita!”

“Good. So, I’ll win.” Napangnga siya. Ang deal nga pala! “Bawiin mo...”

“Oo na! Thirty-two—hindi, twenty-three! You

just look twenty-three. Binawi ko na, bitiwang mo na ako!”

“I’ll still kiss you...”

“No!” Mabilis niyang naitakip sa bibig ang isang kamay. Ngumisi si Henry, nangingislap ang mga matang nakatitig sa kanya. Hinapit pa nitong lalo ang katawan niya. At sa isang mapuwersang hawak, nagawa nitong alisin ang kamay niyang nasa bibig.

Ibinilanggo nito ang dalawa niyang bisig sa malapad nitong kamay at sapilitang dinala sa itaas ng ulo niya habang ang isang bisig nito ay nakayapos pa rin sa baywang niya. At nang tangkain niyang pumalag ay mas humigpit lamang ang hawak nito sa kanya. Wala siyang laban sa lakas nito.

“Please...” aniya, hinang-hina ang mga tuhod.

“Ang tapang mo kanina. Why beg now?”

“Henry, no!” Napapikit siya nang makitang pababa ang mukha nito sa kanya. Ang inaasahan niya, hahagkan nga siya nito pero hindi iyon nangyari. Unti-unting siyang nagmulat ng mga mata.

He was just looking at her. Sa mahabang segundong lumipas ay pinagmamasdan lamang pala siya nito. Binitiwang nito ang mga braso niya

pagkatapos ay dumistansya.

Ilang segundo pang naghinang ang kanilang mga mata. Si Henry ang unang nagbaba ng tingin. “Thahatid na kita, Drei,” anito pagkatapos tumikhim. Mukhang nawala na sa isip ang larong dapat ay gagawin nila. Mailap na rin ang mga mata nito. “Get the chocolates. Kukunin ko lang ang susi ng kotse,” at itinuloy na nito ang pag-akyat patungo sa silid nito.

Napasandal naman siya sa dingding at sunud-sunod ang pagbawi ng hininga.